

GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino


# Si Roko, Ang Matakaw na Aso




Kuwento ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Ryan Bordadora




Minsan, may isang asong naglakad sa tabing ilog. May kagat-kagat siyang karne. Mahilig siya sa karne!




Napatingin si Roko sa ilog. May nakita siyang isa pang aso. May kagat-kagat din itong karne.




Gustong kunin ni Roko ang karne ng isa pang aso. Matakaw kasi siya!




Lumapit si Roko sa ilog. Inilapit niya ang nguso niya sa tubig. Kaharap na niya ang isa pang aso.




Binuka ni Roko ang kaniyang bibig para kunin ang karne ng isa pang aso.



Woosh! Nahulog ang karne ni Roko sa tubig! Wala na siyang karne.



Kawawang Roko. Nawala ang karne niya at ang karne ng isa pang aso.



Wala naman palang ibang aso.

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE